
ANG Bayan
Pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas
Pinapatnubayan ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

Tomo L Blg. 23
Disyembre 7, 2019
www.cpp.ph




**EDITORYAL**

# Dapat labanan ng kabataang Pilipino ang pasistang rehimeng US-Duterte at igiit ang pagwawakas ng imperyalistang pandarambong at panggagahis

*Mensahe ng Partido Komunista ng Pilipinas para sa Kabataang Makabayan sa ika-55 anibersaryo nito at sa ika-156 anibersaryo ng kapanganakan ni Andres Bonifacio.*

Ipinapaabot ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) ang mainit na pagbati sa pamunuan at kasapian ng Kabataang Makabayan (KM) sa okasyon ng ika-55 anibersaryo ng pagkakatatag nito. Ngayon rin ang ika-156 anibersaryo ng kapanganakan ng Pilipinong bayani ng uring manggagawa na si Andres Bonifacio.

Ang Kabataang Makabayan ay gumampan ng mahalagang papel sa iba't ibang yugto ng rebolusyonaryong kasaysayan ng bansa sa loob ng mahigit limang dekada. Talagang pinatunayan ng KM na isa ito sa pinakamaaasahang katuwang ng Partido sa paglulunsad ng demokratikong rebolusyong bayan sa bansa.

Naging kaagapay ng Partido ang Kabataang Makabayan sa maagang yugto ng Marxista-Leninistang pakikipagtunggalian sa ideolohiya, pagwawasto, pagtatayo ng organisasyon, pagpopropaganda at pagpapakilos sa masa at pagbubuo ng Bagong Hukbong bayan (BHB). Tinulungan nito ang pagtatayo ng Partido sa buong bansa at pagpapalaganap ng digmang bayan sa buong arkipelago. Gumampan ito ng mahahalagang papel sa propagandang lihim at pag-oorganisa sa hanay ng kabataan at manggagawa sa panahon ng batas militar ni Marcos na paglaon ay magpapasigla sa ligal na kilusang protesta noong dekada 1970. Nagsumikap ito sa rebolusyonaryong kilusang lihim bilang isa sa matatatag na kasapi ng National Democratic Front (NDF) kung saan kinatawan nito ang kabataang Pilipino at ang kanilang kahilingan para sa pambansa-demokratikong pagbabago.

Ang kabataang aktibista at intelekwal na kasapian nito ang nagsilbing malalim na bukal para magsanay ng mga rebolusyonaryong kadreng proletaryado at sa pagre-

*"Kabataan...," sundan sa pahina 2*

"Kabataan...," mula sa pahina 1

rekluta ng mga kasapi ng Partido. Sa mga nagdaang taon, ang mga kadreng nagmula sa hanay ng KM ay naitalaga sa iba't ibang larangan ng rebolusyonaryong gawain. Higit sa lahat, marami ang intelektwal at manggagawang aktibista na kasapi na ngayon ng BHB at nagsisilbi bilang upisyal pampulitika at mga kumander, katuwang ang mga Pulang mandirigma at mga kadre mula sa mga magsasaka at masang minorya.

Itinuturing ng Partido ang KM bilang mahalagang katuwang nito sa gawaing pagpupukaw, pag-oorganisa at pagpapakilos sa sambayanang Pilipino. Sa ilalim ng lantarang pasistang tiraniya at terorismo ng estado ng rehimeng US-Duterte, tinatawagan ito ngayon na magsilbi bilang rebolusyonaryong bag-as ng demokratikong paglaban ng mamamayan.

Kinakailangang sagpangin ng Kabataang Makabayan ang umuusbong na oportunidad mula sa mabilis na papalalang kundisyon ng bansa na kinatatampukan ng kawalan ng edukasyon, malawakang kawalan ng hanapbuhay sa hanay ng kabataan, kawalan ng pag-asa at pagdausdos ng kultura. Dapat nitong mulatin ang puu-puong libo ng kabataang Pilipino.

Kailangang magpunyagi ang KM na dalhin ang pambansa-demokratikong propaganda sa hanay ng kabataang intelektwal at mga masang anakpawis. Dapat nitong punitin ang pasistang kasinungalingan ng rehimeng Duterte at ilantad ang imperyalismo, pyudalismo, burukrata-kapitalismo bilang saligang mga suliraning nagpapahirap sa sambayanang Pilipino. Kailangan nitong ituro ang patuloy na pangangailangan ng paglulunsad ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka upang wakasan ang atrasado, mapang-api at mapagsamantalang malapyudal at malakolonyal na lipunan.

Kapanabayang itinatag ang KM sa kapanganakan ni Andres Bonifacio na matagumpay na namuno sa mamamayang Pilipino sa paglulunsad ng armadong rebolusyon laban sa kolonyalismong Espanyol. Isinagawa ito upang bigyang-diin ang patriyotikong laman ng pambansa-demokratikong programa, na siyang nananatiling susi sa pakikibaka ng sambayanang Pilipino para sa pambansa at panlipunang paglaya.

Kinakailangang ipagpatuloy ng Kabataang Makabayan ang anti-imperyalistang propaganda at higit pang papag-alabin ang pagiging makabayan ng kabataang Pilipino. Tulad ni Bonifacio, dapat tumayo ang kasalukuyang salinlahi ng mga kabataang Pilipino sa unahan ng paggigiit ng mamamayang Pilipino para sa tunay na pambansang paglaya.

Kinakailangan ilantad ng Kabataang Makabayan ang ugnayan ng malalaking dayuhang kapitalistang interes at ang kabangisan ng pasistang rehimeng Duterte at kampanyang panunupil. Dapat ilantad ang mga dambuhalang kumpanya sa pagmimina, plantasyon, enerhiya, turismo at ibang proyektong pang-imprastruktura, maging ang malalaking dayuhang mga bangkong nangangapital at nakikinabang sa paghaharing teror ni Duterte. Kailangang ilantad kung paanong kinakamkam ng malalaking dayuhang korporasyon at malalaking panginoong maylupa ang mga lupang agrikultural ng mga magsasaka at mga lupang ninuno. Dapat ilantad nito ang mapanlinlang na reporma sa lupa ni Duterte na walang ibang layon kundi padaliin ang pagkamkam sa lupa ng mga magsasaka.

Nararapat na pagkaisahin ng KM ang mamamayan at pakilusin sila upang ipanawagan ang pagpapatigil sa pandarambong sa pambansang patrimonya at sa kalikasan, ang panggagahis sa kabundukan, mga ilog at dagat. Kailangang makipagkaisa sila sa malawak na masa upang ipatigil ang malalaking operasyong mina, plantasyon at batbat ng kurapsyong mga proyektong imprastruktura. Kailangang ilantad ang panghihimasok militar ng US at kanilang presensya at kung paano nito idinidirihe ang AFP at PNP sa kontrainsurhensyang ope-

"Kabataan...," sundan sa pahina 3

ANG Bayan

Tomo L Blg. 23 | Disyembre 7, 2019

Ang *Ang Bayan* ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloco, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Tumatanggap ang *Ang Bayan* ng mga kontribusyon sa anyo ng mga artikulo at balita. Hinihikayat din ang mga mambabasa na magpaabot ng mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan.

instagram.com/prwcnewsroom

@prwc_info

cppinformationbureau@gmail.com

## Nilalaman

**Editoryal:** Dapat labanan ng kabataang Pilipino ang pasistang rehimeng US-Duterte at igiit ang pagwawakas ng imperyalistang pandarambong at panggagahis! 1
Pasistang batalyon, inambus sa Abra 3
KM: Pagbunyi at pagtugon sa hamon 3
Kaarawan ni Bonifacio, ginunita 4
Asembliya ng sangay sa Panay 5
Tumugon sa epekto ng kalamidad 5
Mga magsasaka, pinaslang sa Butuan 6
Isang taon ng pamamaslang at pagtugis 7
*Hors de combat*, pinaslang 7
Tigil-pasada sa Bicol, matagumpay 7
Resolusyon laban sa pribatisasyon 7
Palayain si Ka Diego Padilla! 8
Mga bilanggong pulitikal, ililipat 8

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

"Kabataan...," mula sa pahina 2

rasyon upang supilin ang patriyotiko at demokratikong pwersa sa bansa.

Dapat higit pang palakasin ng Kabataang Makabayan at ng kilusang estudyante at kabataan ang pambansa-demokratikong kilusang propaganda. Dapat pagplanuhan ang pagpaparami ng puo-puong libo ang pahayagan ng Partido na *Ang Bayan*, at ang sarili nitong dyaryo na *Kalayaan* at mapamahagi ito sa pinakamaraming posibleng bilang ng mamamayan sa mga kampus, pabrika, mga komunidad sa kalunsuran at sa mga baryo. Ang Kabataang Makabayan at mga tsapter nito ay kailangang regular na maglabas ng mga pahayag sa mga nagbabagang mga isyung pambansa at lokal at ilimbag ito at ipamahagi sa masa. Dapat pangunahan ng KM ang libu-libong mga grupong talakayan at pulong pag-aaral, kapwa sa hayag at lihim na pamamaraan. Kailangang ma-institusyonalisa ang iba't ibang anyo ng pangmasang propaganda na makararating sa masa tulad ng mga *film showing,* mga naglalakbay na mga kulturang pagtatanghal at iba pa.

Dapat tuloy-tuloy na tulungan ng mga aktibista nito ang pagpapasigla ng pambansa-demokratikong kilusang pangkultura sa pamamagitan ng paglikha ng mga tula, awit, pagtatanghal sa lansangan, paglikha ng mga bidyo at iba pa. Kailangang gamitin ng mga aktibista ng KM ang *social media* para mapalaganap ang pambansa-demokratikong linya habang nilalabanan ang mapanganib na ultrademokratikong hatak nito na nagpapalaganap ng indibidwalismo at disorganisasyon.

Kailangang mag-aral ang mga aktibista at kadre ng KM, itaguyod at ikintal ang Marxismo-Leninismo-Maoismo at isapraktika at paunlarin pa ito sa iba't ibang larangan ng rebolusyonaryong gawaing naaabot nito, kasama na rito ang panlipunang pagsisiyasat sa hanay ng masa. Dapat mailimbag at mapalaganap ang mga pag-aaral bilang daluyan ng Marismo-Leninismo. Dapat ring mahikayat nila ang mga iskolar na ilapat ang Marxismo-Leninismo sa kani-kanilang mga larangang akademiko bilang paglaban sa burges at petiburges na repormistang impluwensiya sa ideolohiya sa tabing ng postmodernismo at iba pa.

Sa buong mundo, muling pinatutunayan ng kabataan na sila ang dambuhalang pwersa ng progresibo at demokratikong pagbabago sa paglahok ng malaki nilang bilang laban sa mapagsamantalang mga patakarang neoliberal at katiwalian sa gubyerno na nagpapalala sa mahirap na kalagayan ng mamamayan.

Sa Pilipinas, kung saan mabilis na lumalala ang kalagayan sa ilalim ng rehimeng US-Duterte, panawagan sa mga rebolusyonaryong aktibista na pataasin ang militansya ng kabataang Pilipino at ipagkaisa sila sa masa tungong malakas na pwersa para sa panlipunang rebolusyon.

Wakasan ang pasistang rehimeng US-Duterte!

Wakasan ang imperyalistang pandarambong at panggagahis!

Isulong ang pambansa-demokratikong rebolusyon! AB

---

## Pasistang batalyon, inambus sa Abra

Inambus ng mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Abra ang mga sundalo ng 24th IB na nag-ooperasyon sa kabundukan ng Tubo, Abra noong Disyembre 1, alas-4 ng hapon. Isang sundalo ang sugatan sa opensiba.

Pusakal na mga tagalabag ng karapatang-tao ang 24th IB. Ang mga sundalo nito ang pangunahing mga alagad ni Jovito Palaparan sa pananalasa ng Oplan Bantay Laya noon sa Central Luzon.

Noong 2006, dinukot ng 24th IB ang mga aktibistang sina Sherlyn Cadapan, Karen Empeño at Manuel Merino sa Hagonoy, Bulacan. Sa kampo ng batalyon sa Limay, Bataan pinatay si Merino at doon din huling nakita sina Cadapan at Empeño. Nang panahon ding iyon, dalawang magsasaka ang pinatay ng nag-ooperasyong mga sundalo sa bintang na mga tagasuporta sila ng BHB.

Nagpatuloy ang mga kabuktutan ng 24th IB nang mailipat sa Abra. Noong 2017, binomba ng batalyon ang mga komunidad sa Malibcong. Nagresulta ito sa pagkawasak ng mga sakahan at sapilitang paglikas ng mga residente. Nagkampo rin ang mga sundalo sa mga eskwelahan at kabahayan, ipinagbawal ang pagpasok ng pagkain, at naghatid ng ligalig sa mga residente. Marami ring kaso ang 24th IB ng sapilitang pagpapasurender, iligal na pag-aresto at pambibintang sa mga aktibista bilang "tagasuporta ng BHB."

Sa Negros Occidental, nagtamo ng pitong sugatan ang 62nd IB matapos silang sagupain ng mga Pulang mandirigma noong Nobyembre 22 sa Barangay Cansalungon, Isabela. Nangyari ang labanan bandang alas-4 ng hapon. Hinaras naman ng isa pang yunit ng BHB-Negros ang kampo ng CAFGU Active Auxiliary sa Barangay Balogo, Guihulngan City, Negros Oriental noong Nobyembre 30, alas-9 ng gabi.

Sa Northern Samar, isang sundalo ng 20th IB ang napatay sa operasyong haras ng BHB sa Barangay San Francisco, Las Navas. Ilang linggo nang hinahalihaw ng 20th IB ang kanayunan ng Las Navas.

Sa Bohol, dalawang tauhan ng 47th IB ang sugatan matapos silang paputukan ng BHB-Bohol noong Oktubre 24 sa Barangay Rizal, Bilar. Nangyari ang labanan bandang alas-11:40 ng umaga.

Ayon kay Ka Jose Ignacio ng National Democratic Front-Bohol, pinasisinungalingan ng nasabing labanan ang hungkag na pahayag ng AFP-PNP na wala na umanong insurhensya sa prubinsya. AB

# KM sa ika-55 taon: Pagbunyi at pagtugon sa hamon

Sa gitna ng pakikibaka laban sa matinding pasismo, kahirapan at kawalang kalayaan sa ilalim ng rehimeng US-Duterte, ipinagbunyi ng Kabataang Makabayan (KM) ang ika-55 taon ng pagkakatatag nito noong Nobyembre 30. Ginunita rin sa araw na iyon ang ika-156 taon ng kapanganakan ni Andres Bonifacio.

Naglabas ng pahayag ang KM na nananawagan sa kasapian nito na paigtingin ang pakikibaka laban sa pahirap, pasista at papet na rehimeng Duterte, at isulong ang demokratikong rebolusyong bayan hanggang sa ganap na tagumpay.

Binigyang-diin ng KM ang pagsanib sa pakikibaka ng masang manggagawa at magsasaka at pagsulong ng kanilang demokratikong mga kahingian. Kabilang dito ang paglaban sa Batas sa Liberalisasyon ng Bigas, kontraktwalisasyon, deregulasyon ng sahod, programang K-12 at iba pa.

Maliban dito, inihanay din ang mahahalagang tungkulin. Nangunguna rito ang pagbigo sa *de facto* na batas militar ni Rodrigo Duterte. Dapat ring magpakahusay ang mga rebolusyonaryong kabataan sa teorya ng MLM at magpunyaging isapraktika ito sa pagsusulong ng rebolusyon. Kailangan din ang tuluy-tuloy at agresibong pagrekluta sa mga pamantasan, komunidad, pagawaan, sakahan at iba pa. Dapat na pangunahan ng KM ang programadong pagsanib ng mga aktibista at kadre sa kanayunan para sa rebolusyong agraryo at armadong pakikibaka.

Sa diwa ng paglilingkod sa sambayanan, buo ang kapasyahan ng KM na sumuong sa rebolusyon at pangibabawan ang mga sakripisyo, tunggalian at alinlangan, alang-alang sa kinabukasan ng bayan.


Nagpahayag din ng pakikiisa ang iba't ibang tsapter ng KM at kumand ng BHB. Tinuligsa ng KM-NCR ang lagim ng Oplan Kapanatagan at ang pagpapakasasa ng mga burukrata at upisyal ng reaksyunaryong gubyerno. Noong Nobyembre 29, naglunsad ng isang raling iglap sa Recto Avenue, Maynila ang mga kasapi ng KM-NCR.

Raling-iglap din ang ikinasa ng KM-Southern Tagalog bilang pakikiisa sa anibersaryo. Isinagawa ang aksyon noong Disyembre 6 sa UP Los Baños.

Isang bukas na liham naman para sa mga magulang ang inilabas ng KM-Bikol. Binigyang-pugay ng KM ang pagtataguyod ng mga magulang upang humubog ng mga kabataang walang-imbot na nagmamahal sa bayan. Kinilala naman ng KM-Sorsogon ang natatanging papel ng kabataan sa pagtatambol ng mga isyung pambayan.

Sa Negros, nakiisa rin ang kumand ng BHB sa isla at nanawagan sa kabataan na ipagpatuloy ang rebolusyong sinimulan ni Bonifacio. Naglabas din ng pahayag ng pakikiisa ang BHB-North Negros.

Sa panig naman ng NDF-Eastern Visayas, hinamon nito ang kabataan na magkaisa laban kay Duterte, magsabalikat ng mga rebolusyonaryong gawain at lumahok sa paghubog ng kasaysayan. AB



## Ika-156 kaarawan ni Andres Bonifacio, ginunita

NAGMARTSA ANG DAAN-DAANG aktibista mula Liwasang Bonifacio tungong Mendiola sa Maynila upang gunitain ang ika-156 kaarawan ni Andres Bonifacio. Pinangunahan ng Anakbayan at Kilusang Mayo Uno (KMU) ang protesta bitbit ang panawagang "Labanan ang mga neoliberal na atake sa mga manggagawa at mamamayan." Mariing kinundena ng mga progresibong grupo ang pagpapataw ng US ng di-pantay na pang-ekonomyang patakaran at ang panghihimasok ng China sa teritoryo ng bansa.

Ayon kay Elmer Labog, tagapangulo ng KMU, upang maging tunay na malaya ang mga manggagawang Pilipino, dapat maging malaya sila sa pagsasamantala. Aniya, marapat na ipagpatuloy ang paglaban sa kontraktwalisasyon, hindi makatwirang sahod, tumitinding kawalan ng trabaho at kahirapan sa ilalim ng rehimeng Duterte.

Nangako naman ang mga kabataan na isasabuhay ang diwa ni Bonifacio sa pamamagitan ng pagpapatuloy ng paglaban para sa ganap na kalayaan ng bansa.

Bago magtipon sa Liwasang Bonifacio, nagkaroon ng hiwalay na protesta ang iba't ibang grupo sa harap ng mga embahada ng US at China.

Sa Pampanga, nagmartsa ang mga Aeta sa pangunguna ng Central Luzon Aeta Association tungong Bayanihan Park sa Angeles City. Kinundena nila ang pagpapalayas sa libu-libong mga katutubo upang bigyang daan ang konstruksyon ng New Clark City kung saan nakatakdang ganapin ang mga laro sa SEA Games. Tinuligsa rin ng grupo ang korapsyon ni Duterte at kanyang mga alipores, at ang kakarampot na suporta sa mga atletang Pilipino.

Nagkaroon din ng mga protesta sa Laguna, Negros at Davao. AB

## Asembliya ng kauna-unahang sangay ng Partido sa Panay

Naglunsad ng asembliya noong Oktubre 17-18 ang kauna-unahang sangay ng Partido sa Panay. Itinayo ang sangay taong 1973 mula nang muling maitatag ang Partido Komunista ng Pilipinas. Apatnapu't anim na taon nang patuloy na pinamumunuan ng sangay ang masa sa kanilang baryo at nagtataguyod sa armadong pakikibaka sa rehiyon.

Inilatag na tema ng asembliya ang "Bigkisin ang pagkakaisa ng mga kasapi ng sangay ng Partido upang pamunuan ang masa. Matapang na labanan ang Oplan Kapanatagan." Layon nito na pahigpitin pa ang pagkakaisa ng mga kasapi at muling pasiglahin ang pamumuno nito sa mamamayan ng nasabing baryo.

Sa mahabang panahon, dumaan ang sangay sa mga brutal na kampanyang panunupil ng mga nagdaang rehimen laluna sa panahon ng diktadurang US-Marcos. Sa panahong ito, nag-alay ng kanilang buhay ang ilan sa mga unang kasapi ng sangay, at napilitan ding magbakwit ang mga tagabaryo. Dumaan din ang sangay sa mga pakikibaka sa pagdepensa sa kanilang lupang ninuno, pangingibabaw sa mga kalamidad at iba pang problema. Sa kabila ng mga ito, nanatiling matapat ang mga kasapi at ipinagtanggol ang interes ng Partido at nagpatuloy sa pagsuporta sa Bagong Hukbong Bayan.



Umabot sa dalawangkatlo ng kasapian ng sangay ang dumalo sa asembliya. Pinatutunayan nito na bigo ang nag-aastang diktador na si Duterte na maghasik ng takot sa hanay ng Partido. Kanilang sinuma ang kasaysayan ng sangay at nagsilbing inspirasyon sa mga bagong kasapi at kabataang myembro ng Partido ang mga karanasan at tagumpay

*"Asembliya...," sundan sa pahina 6*

## Magmobilisa upang tumugon sa epekto ng kalamidad—PKP

Nananawagan ang Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) noong Disyembre 3 sa lahat ng kumand at yunit ng BHB at mga rebolusyonaryong pangmasang organisasyon na maging handa upang tulungan ang mga apektado ng bagyong Tisoy.

"Maaari silang makipag-ugnayan sa mga lokal at internasyunal na grupong nagbibigay ng ayuda upang mabigyan ng karampatang tulong ang mga biktima ng sakuna at upang muling maitayo ang kanilang kabahayan at mga sakahan matapos ang bagyo," ayon sa PKP.

Nag-anunsyo ang Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Bicol ng isang linggong unilateral na tigil-putukan sa rehiyon upang magbigay daan sa pagpapaabot ng iba't ibang porma ng ayuda sa residenteng sinalanta ng bagyo. Nagsimula ang tigil-putukan noong Disyembre 6, alas-dose ng umaga at magtatapos sa Disyembre 12, 2019, 11:59 ng gabi.

Inatasan din ng BHB-Southern Tagalog ang lahat ng yunit sa ilalim nito na maglunsad ng operasyong *relief* at rehabilitasyon sa kanilang mga erya at tumulong sa mga biktima ng bagyo. Nakahanda ang BHB-ST na tumulong sa pagtatayo ng mga nawasak na kabahayan at imprastruktura, gayundin ang pagsasaayos sa mga nasirang sakahan ng mga magsasaka. Paalala ng BHB-ST, responsibilidad ng rebolusyonaryong gubyerno na tiyakin na naaabot ng tulong at suporta ang lahat ng nasalanta at biktima sa rehiyon.

Pinaalalahanan naman ng PKP ang lahat ng yunit ng BHB na maging mapagbantay sa mga atake ng AFP sa gitna ng kalamidad. Tiniyak din ng BHB na pananagutin ang mga dambuhalang kumpanya sa pagmimina, plantasyon, iligal na pagtotroso at mapangwasak na proyektong pang-enerhiya na siyang sumisira sa kalikasan.

Sa inisyal na tala, may mahigit 500,000 kataong apektado ng bagyong Tisoy sa mga prubinsya ng Luzon at Eastern Visayas. Tinatayang hindi bababa sa P811 milyon ang halaga ng pananim ang nasira sa Bicol at Oriental Mindoro. Pinakamatinding tinamaan ng bagyo ang Mindoro, Bicol at Northern Samar. AB

# Mag-asawang magsasaka, pinaslang sa Butuan

Binaril at napatay ng mga elemento ng Regional Mobile Force Battalion 13 ang mag-asawang sina Rolando, 55, at Josephine Egtob, 56, sa kanilang sakahan sa Sityo San Roque, Barangay San Mateo, Butuan City noong Disyembre 2, alas 3 ng hapon. Ang mag-asawa ay mga aktibistang magsasaka na kasapi ng UMAN o Unyon sa mga Mag-uuma sa Agusan del Norte.

Matapos ang pamamaslang, pinalabas ni PCapt Emerson Alipit, tagapagpagsalita ng Butuan City Police Office, sa panayam sa kanya sa radyo, na kasapi umano ang mag-asawa ng Bagong Hukbong Bayan at nabaril sa isang engkwentro. Mariin itong pinabubulaan ng mga anak ng mga biktima. Anila, magsasaka ang kanilang mga magulang at wala silang mga baril. Pinasinungalingan din nila ang umano'y engkwentrong naganap.

**Tangkang pagpaslang**

Sa Surigao del Sur, pinagbabaril at tinangkang paslangin ng di nakilalang mga kalalakihan si Gaudencio "Junjun" Paclawona, tagapangulo ng Anakpawis Tandag City at konsehal ng Barangay San Isidro noong Disyembre 4. Pauwi noon si Paclawona mula sa nasabing lungsod nang mapansing binubuntutan siya ng apat na kalalakihang lulan ng dalawang motorsiklo. Nagtamo ng bala sa hita ang biktima at agad na isinugod sa ospital.

Sa Negros Occidental, walanghabas na pinaputukan ng mga tropa ng 62nd IB ang bahay ng magsasakang si Cresincio Dilfen sa Sityo Pandan, Barangay Caradio-an, Himamaylan City noong Nobyembre 24, alas-10 ng gabi. Nasa loob noon ng bahay si Dilfen at kanyang mga anak. Sa parehong araw, dalawang kabahayan din ang hinalughog ng mga sundalo sa Sityo Tagmanok.

**Iligal na pag-aresto**

Inaresto ng mga elemento ng Manila Police District ang apat na kasapi ng Panday Sining matapos ang isang pagkilos sa Mendiola, Maynila noong Nobyembre 30. Isa sa mga inaresto ay menor-de-edad. Kinaladkad at binugbog ng di nakaunipormeng mga pulis ang mga biktima palabas ng dyip na kanilang sinasakyan.

Sa parehong araw, dinakip at binugbog ng mga tropa ng 94th IB si Melchor Lembaga at kanyang biyenan dakong alas-4 ng madaling araw sa Sityo Enatito, Barangay Bukalan, Canlaon City, Negros Oriental. Hindi ipinaalam sa pamilya ng mga biktima kung saan dinala sina Lembaga. Mariing kinundena ng Leonardo Panaligan Command ng BHB ang hindi makatao at iligal na pag-aresto sa dalawa.

Sa Negros Occidental, inaresto ng mga elemento ng 62nd IB ang mga residente ng Sityo Maho-Paho, Barangay San Agustin, Isabela na sina Maricar Estoya, Merencia Gaudia, Elizabeth Antrone, Jorgen Lizajo at Erlinda Garzola noong Nobyembre 23. Inakusahan silang sangkot umano sa isang reyd ng BHB sa Barangay Tinongan.

**Militarisasyon**

Hindi bababa sa 150 elemento ng 3rd Mechanized IB ang pumasok at nagkampo sa komunidad ng mga Aeta sa Sityo Bunga, Mt. Dueg sa San Clemente, Tarlac noong Nobyembre 4. Nagpatupad ng blokeyo ang mga sundalo at hinanapan ng dokumento sa pagkakakilanlan ang mga katutubong Aeta na papunta sana sa kanilang mga sakahan. Yaong walang maipakita ay sapilitang pinababalik sa baryo at pinagbabawalang magsaka.

**Panggigipit at pagbabanta**

Dalawang ahente ng militar ang pumasok at kumuha ng mga litrato sa kampus ng paaralang Lumad na Tribal Filipino Program of Surigao del Sur (TRIFPSS) sa Sityo Han-ayan, Diatagon, Lianga, Surigao del Sur noong Nobyembre 12. Bago nito, noong Oktubre 7, parehong insidente ang kinasangkutan ng limang sundalo ng 3rd Special Forces Batallion (SFB) sa kampus ng TRIFPSS sa Sityo Simowao sa parehong barangay.

Nagkapagtala rin noong nakaraang buwan ng tig-isang kaso ng sapilitang pagpasok at panghahalughog sa mga kahabayan sa Toboso, Negros Occidental; at sa San Dionisio, Iloilo.

Tig-isang isidente rin ng panggigipit at pagbabanta ang naitala sa Butuan City, Quezon City, at sa Agoo at Balaoan, La Union sa parehong panahon. AB

---

*"Asembliya...," mula sa pahina 5*

nito. Humalaw din sila ng mahahalagang aral mula sa kanilang mga tagumpay at kahinaan upang higit pang mapabuti ang pamumuno sa masa. Isa sa matingkad na tagumpay nito ang pagpapanatiling solido ng kanilang hanay sa harap ng malulupit na pagsupil. Isa rin ang sangay sa may pinakamaraming napasampa sa BHB mula 2008.

Sa kasalukuyan, pinag-aaralan ng sangay ang bagong kontra-insurhensyang programang Oplan Kapanatagan. Buo ang kapasyahan ng mga kasapi na labanan ang anumang atake ng pasistang rehimeng US-Duterte. Nanindigan din silang mag-ambag sa pagsisikap ng mamamayang Panayanon na biguin ito katulad ng nagdaang mga pasistang rehimen. Nagtapos ang asembliya ng sangay na taglay ang sigla at kahandaang harapin ang mga bagong panawagan at hamon ng Partido—mahigpit na pamunuan ang masa sa pagrerebolusyon at palakasin ang armadong pakikibaka upang pabagsakin ang reaksyunaryong gubyerno ni Duterte. AB

# MO 32: Isang taon ng pamamaslang at pagtugis

Bilang paggunita sa unang taon ng pagpapatupad ng Memorandum Order (MO) 32, nagprotesta ang iba't ibang sektor sa harap ng upisina ng Department of National Defense sa Quezon City noong Nobyembre 22. Mariin nilang kinundena ang patuloy na paglabag ng AFP at PNP sa karapatang-tao.

Sa ilalim ng MO 32 at Executive Order 70 ni Duterte, naganap ang pinakamatitinding atake sa karapatang-tao sa Samar, Negros at sa Bicol. Binigyang daan ng MO 32 ang pagdagdag ng pwersa ng pulisya at militar sa nasabing mga prubinsya para umano supilin ang insurhensya. Sa aktwal, pangunahin nilang tinatarget ang mga aktibista, tagapagtaguyod ng karapatang tao at mga sibilyan.

Sa Negros, naganap ang Oplan Sauron 1-3 na nagresulta sa pagpaslang sa hindi bababa sa 20 sibilyan at maraming kaso ng iligal na pag-aresto.

Matinding takot din ang dulot ng MO 32 sa isla ng Samar. Sa tala ng Katungod Sinirangan Bisayas, sa loob lamang ng isang taon mula nang ipatupad ang kautusan, may 34 na kaso na ng ekstrahudisyal na pamamaslang ang naitala sa Eastern Visayas. Sa bilang na ito, 20 ang magsasaka, at ang iba pa ay mga upisyal ng lokal na gubyerno. Apektado ng militarisasyon ang may 500 barangay. Nitong nakaraang buwan, ipinagmalaki ng AFP ang pambobomba nito sa mga sakahan at kabahayan sa Sitio Corong, Barangay Capotoan, Las Navas.

Sa Bicol, walang humpay na naglulubid ng mga kasinungalingan ang 9th ID upang palabasin na nagtatagumpay ang kanilang kampanyang kontra-insurhensya habang ibinubulsa ang milyun-milyong pondong nakalaan para rito. Patuloy din ang pamamaslang at militarisasyon.

Tinatayang may 30 batalyon ng AFP at PNP ang nakadeploy ngayon sa mga nabanggit na rehiyon.

Nananawagan ang iba't ibang sektor na magkaisa upang labanan at ibasura ang MO 32 at EO 70.

Nagkaroon din ng katulad na protesta sa Bicol, Negros at Panay. AB

## Pulang mandirigmang *hors de combat*, pinaslang

BRUTAL NA PINATAY ng 60th IB si Marjun Casal (Ka Hiker) noong Nobyembre 27 sa Davao del Norte. Si Ka Hiker ay isang Pulang kumander ng BHB-Southern Mindanao Region (SMR).

Dahil nagpapagaling mula sa isang operasyong medikal, wala sa katayuang lumaban *(hors de combat)* si Ka Hiker nang siya'y dukutin sa Tagum City noong Nobyembre 13.

Makalipas ang dalawang linggo, natagpuan na lamang ang kanyang bangkay sa Barangay Kapatagan, Laak, Compostella Valley noong Nobyembre 27. Ayon sa mga kumuha sa bangkay, nakitaan ng bakas ng tortyur sa leeg ang biktima.

Para pagtakpan ang paglabag nito sa batas ng digma, pinalabas ng 60th IB na napaslang si Ka Hiker sa isang engkwentro. Taliwas ito sa testimonya ng mga residente na nakakita ng komboy ng 60th IB na papasok sa kanilang lugar noong araw ding iyon at nakarinig ng pagpapaputok nila ng mga baril para magmistulang may engkwentrong naganap.

Isang tim naman ng mga sundalo ang pumunta sa Purok Tadok ng parehong barangay at iligal na inaresto si Nilo Ostia at isa pang sibilyan. Inakusahan silang mga kasapi ng BHB at hindi pa rin pinalalaya.

Binigyang-pugay ng BHB-SMR ang 18-taong paglilingkod ni Ka Hiker sa sambayanan at rebolusyon. Mula nang sumapi sa BHB, sumulong siya at namuno sa mga yunit ng hukbong bayan sa Davao del Norte, Compostela Valley at Agusan del Sur. AB

## Tigil-pasada sa Bicol, matagumpay

SA KABILA NG panggigipit ng rehimen, matagumpay na nailunsad ng mga tsuper sa Albay at Camarines Sur ang kanilang tigil-pasada noong Nobyembre 25-26. Ikinasa ang welga bilang paglaban sa iskemang "modernisasyon ng dyip" na papatay sa kabuhayan ng mga opereytor, drayber at mga manggagawa sa industriya ng dyip.

Sa unang araw, idineklara ng Condor-PISTON na 97% ng dyip sa Albay ang lumahok sa welga samantalang 85% naman sa Camarines Sur. Nakiisa din ang mga traysikel drayber sa protesta. Samantala, 90% naman sa mga tsuper ang lumahok sa ikalawang araw.

Sa tangkang pigilan ang welga, ginipit ng Land Transportation Franchising and Regulatory Board ang Sorsogon Transport Federation na magpaliwanag sa korte hinggil sa paglahok nila sa tigil-pasada noong Setyembre. Sa Catanduanes, pinuntahan ng mga ahente ng militar ang tagapangulo ng Federation of Virac Tricycle Operators and Drivers Association upang imbestigahan kung sinu-sino sa kanilang grupo ang kasapi ng PISTON. AB

## Resolusyon laban sa pribatisasyon ng patubig

NAGHAIN ANG BAYAN Muna ng resolusyon para kagyat na pagrerepaso ng mga konsesyon sa pribatisasyon na pinasok ng Metropolitan Waterworks Sewerage System (MWSS) at ng Manila Water at Maynilad.

Ito ay kasunod ng inilabas na desisyon ng Singaporean tribunal noong Nobyembre na pumabor sa Manila Water at pinagbabayad ang reaksyunaryong estado ng P7.83 bilyon kaugnay ng mga pagtataas ng singil sa patubig na hindi pinahintulutan ng MWSS mula pa noong 2015.

Ayon kay Rep. Ferdinand Gaite, kailangan nang imbestigahan ang mga konsesyon at amyendahan,

*"Tubig...," sundan sa pahina 8*

# Palayain si Ka Diego Padilla!

Mariing kinundena ng rebolusyonaryong kilusan ang iligal na pag-aresto kay Jaime Padilla (Ka Diego), tagapagsalita ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Southern Tagalog. Si Ka Diego, 72, ay dinakip noong Nobyembre 25 habang nagpapagamot sa Cardinal Santos Medical Center sa San Juan City. Sumasailalim siya sa masusing panggagamot ng mga duktor dahil sa sakit sa puso.

Iginiit ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) na kagyat na palayain si Ka Diego at ibasura ang mga gawa-gawang kaso laban sa kanya. Kinundena rin ng PKP pagbabawal kay Ka Diego na makausap ng kanyang mga abugado. Anito, labag sa Joint Agreement on Safety and Immunity Guarantees ang pagdakip kay Ka Diego na isa sa mga konsultant ng NDFP.

Kinundena naman ng mga kaanak at abogado ni Ka Diego ang lihim na paglilipat sa kanya ng detensyon mula Camp Crame sa Quezon City tungong San Jose Municipal Jail, Mindoro Occidental noong Nobyembre 27. Halos 24 oras na hindi ipinaalam ng AFP at PNP ang kanyang kinaroroonan.

Sa Rizal, tatlong kasapi ng BHB ang pinatay ng pinagsanib na pwersa ng 80th IB at PNP-Region IV-A noong Disyembre 5, ala-una ng madaling araw. Nang paslangin, natutulog ang tatlong kasama sa kanilang tinutuluyang bahay sa Sierra Vista Subdivision, Barangay Cupang, Antipolo City. Namartir sa insidente si Ermin Bellen, na kilala ng mga kasama at masa bilang Ka Romano. Namatay din ang mga kasamang sina Jose Villahermosa at Lucio Simburoto.

Bago ang pangyayari, ilang araw nang abala ang mga kasama sa pagresolba ng problemang idinulog ng masa sa lugar. Upang palabasing engkwentro ang nangyari, nagtanim ng baril at granada ang mga sundalo at pulis sa pinangyarihan ng krimen.

Pinarangalan ng Komiteng Rehiyon ng PKP sa Southern Tagalog ang tatlong kasama na nag-alay ng kanilang buhay sa paglilingkod sa mamamayan.

Si Ka Romano ay nagsilbi sa rebolusyonaryong kilusan sa loob ng 36 taon. Bago nasawi, bahagi siya ng Komiteng Tagapagpaganap ng nasabing Komiteng Rehiyon. Tumayo rin siyang kalihim ng Komiteng Subrehiyon ng Partido na sumasaklaw sa mga prubinsya ng Rizal-Quezon at Laguna sa nagdaang taon. Sa kanyang pamumuno, tuluy-tuloy na sumulong ang rebolusyonaryong pwersa sa subrehiyon sa pamamagitan ng paglaban at pagbigo sa mga operasyong militar.

Nahalal din si Ka Romano bilang *non-attending* na delegado sa Ikalawang Kongreso ng PKP noong 2016. AB

# Paglipat sa mga bilanggong pulitikal, kinundena

Nangangamba ang mga kaanak at tagasuporta ng mga bilanggong pulitikal sa posibleng paglilipat ng kanilang mga kaanak sa mga lokal na bilangguan.

Kabilang sa planong ilipat ang mga nakapiit sa Camp Bagong Diwa sa Taguig City na sina Frank Fernandez at Cleofe Lagtapon, Adelberto Silva, Oliver Rosales, Edisel Legaspi, Ireneo Atadero, Julio Lusania at Maximo Reduta.

Noong Disyembre 4, kinwestyon ng grupong Kapatid ang tangkang paglilipat ng mga bilanggong pulitikal sa malalayong bilangguan kung saan nakasampa ang kanilang mga kaso. Ayon sa mga kaanak, ang ganitong plano ay higit na magpapahirap para dalawin ang mga bilanggong pulitikal, na mula't sapul ay iligal na ang detensyon. Dagdag pa, ilalagay nito sa mas malulupit na kundisyon ang mga bilanggo.

Sa dayalogo noong araw ding iyon, inamin ng upisyal ng Bureau of Jail Management and Penology na ang utos ay mula kay Sec. Delfin Lorenzana ng Department of National Defense sa bisa umano ng Executive Order 70.

Kaugnay nito, nagpahayag ng pakikiisa ang Partido Komunista ng Pilipinas sa lahat ng bilanggong pulitikal at kanilang mga kaanak at tagasuporta sa buong bansa. Kasabay ito ng ika-14 na taon ng Pandaigdigang Araw ng Pakikiisa sa mga Bilanggong Pulitikal at Bilanggo ng Digma.

Sinaluduhan ng Partido ang mga detinido na patuloy na kumikilos at nagsusulong ng panawagan para sa tunay na kalayaan at demokrasya. Nanawagan din ang Partido sa lahat ng demokratikong pwersa na bigyang suporta at patibayin ang pakikibaka ng mga bilanggong pulitikal para sa kalayaan upang direktang makalahok sa pakikibaka.

Mayroon nang hindi bababa sa 629 bilanggong pulitikal sa buong bansa. Sa bilang na ito, 382 ang inaresto sa ilalim ng rehimeng US-Duterte. AB

*"Tubig...," mula sa pahina 7*

kung hindi man ibasura, ang mga ito alinsunod sa interes ng mga konsyumer." Ang habol lang ng mga kumpanyang ito ay tubo, kaya ang panawagan natin ay inasyunalisa ang mga serbisyong patubig," ani Gaite. Iginiit niya na dapat nang itigil ang pribatisasyon ng MWSS at ibalik sa kontrol ng estado ang serbisyong patubig, at bigyan ito nang sapat na prayoridad.

Sa isang pananaliksik, natuklasan na ipinapasa ng mga kumpanyang ito hindi lamang ang kanilang mga buwis, kundi pati na rin ang mga gastos ng kanilang kumpanya para sa operasyon, mga patimpalak, bakasyon at marami pang iba, sa mga konsyumer sa pamamagitan ng dagdag singil sa patubig. AB